# SURREY POLICE SERVICE

## Mga Konsultasyon sa Komunidad sa 2021
## EXECUTIVE SUMMARY

SAFER. STRONGER. TOGETHER.

## Layunin ng Proyekto

Mula Hunyo hanggang Oktubre 2021, ang Surrey Police Service (SPS) ay nagsagawa ng tatlong-bahaging community consultation project (proyekto upang konsultahin ang komunidad) upang itatag ang pundasyon para gumawa ng isang community policing model at upang magbigay ng impormasyon para sa unang plano ng estratehiya ng SPS.

Ang proyektong ito ay binuo ng isang survey, mga interbyu at mga focus group; ang naging layunin nito ay ang pagkuha ng impormasyon mula sa iba't-ibang mga stakeholders na nakatira at nagtratrabaho sa Surrey. Ang tatlong komponente ay dinisenyo ng independent research experts (si Dr. Curt Griffiths at si Dr. Eli Sopow) upang matulungan ang SPS na maunawaan ang mga naging karanasan ng iba't-ibang mga grupo, ang mga paghahamon at mga oportunidad na kasalukuyang hinaharap ng Surrey, at kung paano pahusayin ang service delivery at dagdagan ang kaligtasan at kalidad ng buhay ng lahat ng mga taong naninirahan sa komunidad.

Ang mga nakuha sa konsultasyon sa komunidad na ito ay magbibigay ng impormasyon para sa proseso ng pagpaplano ng SPS ng estratehiya, at para sa mga patakaran ng kagawaran at mga estratehiya ng pagpapalakad. Ang proyektong ito ay bahagi ng pangako ng SPS na siguraduhin na ang mga partidong interesado at apektado ay integral na bahagi ng community policing model mula pa sa Unang Araw.

## Paraan ng Proyekto

Ang konsultasyon na ito ay binubuo ng tatlong magkakaugnay na komponente:

1. Isang online public opinion survey ng 1,000 Surrey residents na dinisenyo at inanalisa ni Dr. Eli Sopow at kinolekta ng InsightsWest Market Research;
2. Mga one-on-one interviews sa 106 miyembro ng komunidad;
3. Labing-dalawang focus groups na may mahigit sa 100 representatives (mga kinatawan) mula sa mga grupo sa komunidad.

## Survey Tungkol sa Opinyon ng Publiko

Noong Hulyo 2021, ang SPS ay nagkomisyon ng isang survey ng opinyon ng publiko sa mga naninirahan sa Surrey. Kasali sa survey ang 1,000 residents sa loob ng anim na community centres ng Surrey (Whalley, Guildford, Fleetwood, Newton, Cloverdale, South Surrey), at kasali dito ang segmentation alinsunod sa community centre, edad, kasarian, at etnisidad, kasama ng paglahok ng mga Indigenous na tao. Ang sample size ay wasto para sa estadistika ng buong populasyon ng Surrey 19 na beses sa 20; ang margin of error nito ay +/- 3.4%

Hiniling ng survey sa residents na bigyan nila ng rating ang mga priyoridad ng 15 karaniwang serbisyo ng pulis, crime victimization levels, kontak sa pulis sa nakaraang taon, mga napapansing pangyayari ng mga krimen sa nakaraang tatlong taon, at opinyon ng publiko tungkol sa diversity at kasarian ng isang police officer. Bukod pa rito, sinabi ng residents kung gaano nila sinusuportahan ang mga camera na suot ng pulis sa kanilang katawan, kung ano ang kahalagahan ng isang bagong Surrey Police Board, at kung ano ang mga magiging pinakamalaking epekto sa pagpupulis sa Surrey sa darating na taon.

SURREY POLICE SERVICE

## Mga Interbyu

Ang mga interbyu ay isinagawa sa iba't-ibang mga interesado at apektadong partido sa komunidad. Kabilang sa mga ininterbyu ang mga tao sa pribadong sektor, sa provincial at munisipal na mga pamahalaan, mga organisasyon na nagbibigay-diin sa housing at sa pagtulong sa mga taong nahihirapan sa housing, food security, mental health (pangkaisipang kalusugan) at mga addiction, mga opisyal ng paaralan, mga pinuno ng relihiyon, mga Indigenous na pinuno, ang LGBTQ2S+ na komunidad, mga organisasyon na may kinalaman sa paghahadlang ng krimen, at mga taong nakikipagtulungan sa mga vulnerable at nasasapanganib na mga tao, at mga taong pumapasok muli sa komunidad paglabas nila sa bilangguan.

Ang team ng mga researcher mula sa unibersidad ay pinamunuan ni Dr. Curt T. Griffiths mula sa Simon Fraser University (Surrey campus), at siya'y tinulungan ng mga tauhan ng SPS. Ang mga interbyu ay may tatlong bahagi: 1) ang background, karanasan, at tungkulin ng taong nag-iinterbyu at ng kanyang organisasyon; 2) pag-unawa sa mga kasalukuyang hamon sa kaligtasan sa komunidad at sa kabutihan sa Surrey at kung paano sila matutugunan, at ang mga pagkaunawa sa krimen at sa kaligtasan; at, 3) kung paano dapat magpulis ang SPS sa Surrey, at kung paano nito mabisang makukuha ang tulong ng komunidad.

## Mga Focus Group

Nagtanghal ng focus group sessions sa 12 grupo sa komunidad. Kabilang sa mga grupo ang iba't-ibang stakeholder organizations, kabilang ang pribadong sektor, seniors, mga asosasyon sa komunidad, ang differentially abled, advocacy groups, ang LGBTQ2S+ community, at ang mga organisasyon sa komunidad na naglalaan ng iba't-ibang mga programa at serbisyo sa komunidad para sa (bukad pa sa iba) at-risk youth (mga kabataang nasa panganib), mga bagong-dating, mga vulnerable at nasa panganib na mga tao, kabataan, at paghadlang sa krimen.

Ang mga sumusunod ay ang mga paksa ng pinag-usapan, ngunit hindi sila natatakda rito: 1) mga pananaw ng mga kalahok sa kalidad ng buhay sa Surrey at sa mga pinakamalaking alalahanin; 2) mga pagsusubok at oportunidad upang pahusayin ang kaligtasan at kabutihan ng komunidad; 3) paano sila pinakamainam na matutugunan ng organisasyon/ahensiya, atbp., at ng SPS; 4) paano pinakamainam na makakagawa ng police-community sustainable partnership; 5) paano maaaring lumahok ang komunidad sa pagtakda ng mga priyoridad ng pulis; at 6) mga istratehiya upang lumikha at magpanatili ng komunikasyon at dialogue ng pulis at komunidad sa isa't-isa.

## Mga Mahalagang Bagay na Natuklasan

1. Maraming expertise at experience ang mga miyembro ng komunidad na maaaring makatulong sa paglikha ng integrado, holistic, at innovative na pagtugon sa mga pagsusubok na hinaharap ng komunidad.
2. Marami ang nagsusuporta sa isang community policing model, at marami ang gustong aktibong lumahok sa pagsasagawa at pagpapalakad nito.
3. May malakas na suporta para mag-partner ang SPS sa multi-sector initiatives upang matugunan ang mga pangangailangan ng vulnerable/marginal/at-risk na mga tao at grupo.
4. May malakas na suporta para sa:
    a. Pagdibelop ng City of Surrey ng isang Community Safety and Wellbeing Plan na maglalaan ng framework para sa kolaborasyon ng iba't-ibang sektor upang tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa kasalukuyan at sa kinabukasan.
    b. Body-worn cameras (mga camerang nakakabit sa katawan) para sa SPS officers;

c. Pagdibelop ng youth strategy para sa mga kabataang nasa panganib, at isang SPS School Resource Officer program batay sa mga programa ng best practice (pinakamainam na gawi) sa ibang mga hurisdiksyon at na itinutugma sa mga pangangailangan ng mga paaralan at estudyante sa Surrey;

d. Deployment ng Neighbourhood Partnership Officers na nakakabit sa mga tanggapan ng pulis sa mga distrito;

e. Isang makabuluhang SPS Diversity Advisory Committee;

f. Deployment ng isang Gang Crime Unit; at

g. Paglikha ng isang SPS Diversity Relations Unit at posibleng ibang specialized liaison units.

5. Sa pangkalahatan, ayon sa rating ng Surrey residents, ang mga sumusunod ay ang mga pinakamahalagang priyoridad ng pulis: violent crimes (mga marahas na krimen) (91%), mga organisadong crime gangs (88%), mabilis na serbisyo ng pulis (86%), at domestic violence (karahasan sa tahanan) (78%).
6. Bagama't ang violent crimes, mabilis na serbisyo ng pulis, at organisadong krimen ay mga mataas na priyoridad para sa lahat ng mga naninirahan sa lahat ng mga komunidad, ang edad, kasarian, etnisidad, at/o lokasyon ng town centre ay nagkaroon ng malaking epekto sa ranking ng ibang mga priyoridad para sa pulis, tulad ng homelessness, mga problema sa pangkaisipang kalusugan, at ang pagkakaroon ng karamdaman ng kaligtasan habang naglalakad nang mag-isa.
7. Ang naging pinakamalakas na criteria ng publiko para sa isang Surrey police officer ay ang pangangatawan ng kultura at diversity ng Surrey sa profile ng isang police officer (64%) at ang pagiging bihasa nito sa ibang wika maliban sa Ingles (63%.)
8. Nagkaroon ng napakalakas na suporta (79%) para sa isang Surrey Police Board; inaasahan ng mga naninirahan na ang Board ay maglalaan ng malinaw na accountability (pananagutan) at komunikasyon, at masisigurado nito na magkakaroon ng local input sa kung paano namumulis ang SPS sa komunidad.
9. Sa pananaw ng mga sumagot sa survey, ang mga sumusunod ay magkakaroon ng pinakamalaking epekto sa pampublikong kaligtasan sa darating na taon: organisadong krimen/gangs (67%), ilegal na pagbebenta ng droga (57%), at ang lumalaking populasyon (50%).

## Mga rekomendasyon

1) Ang SPS workforce ay dapat sumasalamin sa diversity ng Surrey, habang sinisigurado nito na ang lahat ng officers ay mayroong kinakailangang kakayahan upang maging mabisa sa isang community policing service delivery model.
2) Maaaring makuha ng SPS ang pagtitiwala ng komunidad kapag ito'y naroroon, nakikita ng publiko, proactive, at mabuting partner.
3) Ang SPS ay dapat magdibelop ng isang holistic at multi-faceted na istratehiya sa komunikasyon upang itaguyod at mamintina nito ang mga partnerships sa mga interesado at apektadong grupo, upang masigurado na may transparency, at upang mabigyan lagi nito ang komunidad ng impormasyon tungkol sa mga priyoridad, mga aktibidad, at mga resulta nito.
4) Ang SPS ay dapat lumikha ng isang Community Safety Officer program o kaya Special Municipal Constable program.
5) Ang SPS officers ay dapat mayroong skill sets at kakayahan na kinakailangan upang mabisang makipagtalakayan sa mga naninirahan sa komunidad, kabilang ang mga diverse na komunidad, Indigenous na tao, at mga bagong-dating.
6) Dapat pagsikapan ng SPS na ilagay ang mga tamang officer sa mga tamang posisyon.
7) Ang lahat ng SPS officers ay dapat bigyan ng training sa mga prinsipyo at aplikasyon ng trauma-informed policing (dapat mayroon silang nalalaman tungkol sa trauma at kung paano nito naaapektohan ang mga tao) at procedural justice policing (pamumulis alinsunod sa pamamaraan ng hustisya), at dapat nauunawaan nila ang mga iba't-ibang kultura.

8) Dapat gamitin ng SPS ang mga kasalukuyang relationships/partnerships/initiatives ng community groups sa RCMP, habang sinisigurado na ang mga ito ay batay sa ebidensiya at alinsunod sa best practices.
9) Ang mga serbisyo ng pulis ay pinakamabisang maibibigay kapag ito'y batay sa isang decentralized, localized model.
10) Dapat gumamit ng qualitative at quantitative metrics upang asesuhin ang performance ng SPS.
11) Ang SPS ay dapat may seksyon para sa leading-edge research at analytics na may mga ekspertong analysts upang masigurado na ang mga patakaran at pagpapalakad nila ay best practice at batay sa ebidensiya.
12) Ang community stakeholders ay dapat may input sa proseso ng SPS strategic planning.
13) Ang Surrey Police Board ay dapat magdibelop ng mahusay na istratehiya sa komunidad upang mabigyan ng impormasyon ang komunidad tungkol sa tungkulin at mga aktibidad nito.
14) Ang mga matutuklasan mula sa konsultasyon na ito ay dapat gawing available sa lahat ng SPS staff at dapat malawak na ipamahagi sa iba't-ibang mga wika gamit ang iba't-ibang mga media platform.

## Ang Mga Susunod na Hakbang

Gagamitin ng Surrey Police Board at ng SPS leadership team ang mga resulta mula sa proseso ng konsultasyon na ito para sa unang strategic plan ng organisasyon. Ang plan ay ididibelop sa fall 2021 at ito'y ilalabas sa unang bahagi ng 2022.

Ang malawak na input na ibinigay sa proyekto ng konsultasyon na ito ay gagamitin din upang magdibelop ng isang community policing service delivery model para sa SPS; ito'y gagamitin oras na ang SPS ay naging opisyal na ahensiya ng pulis para sa Surrey.

Ang SPS ay nangangakong magpatuloy na makipag-usap sa komunidad. Habang lumalaki ang Community Policing Bureau, pagsisikapan nilang magtatag ng mga pangmatagalang pakikipag-ugnayan sa komunidad at magsimula ng mga innovative na paraan upang bigyan ang mga mamamayan ng paraan upang sila'y mapakinggan. Maaaring asahan ng mga mamamayan na ang paraan ng SPS ay magkakaroon ng iba't-ibang uri ng community engagement.

## Mga Buong Report

Ang mga buong report ukol sa konsultasyon sa komunidad mula kay Dr. Curt Griffiths at Dr. Eli Sopow ay mahahanap sa SPS website: www.surreypolice.ca.